
10

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikalawang Markahan- Modyul 4: Maikling Kuwento mula sa United States of America (Panitikang Kanluranin)




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q2_Filipino10_Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikasampung Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan–Modyul 4: Maikling Kuwento mula sa USA (Panitikan Kanluranin)**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293**, seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng mga materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Kimberly S. Estoque |
| **Editors:** | Luisito V. Libatique, Alvin D. Mangaoang |
| **Tagasuri:** | Arabella May Z. Soniega, Virgilio C. Boado, Gina A. Amoyen, Editha T. Giron, Eric Carino, Vivian Ofanda |
| **Tagaguhit:** | Ernesto F. Ramos Jr. |
| **Tagalapat:** | Alvin D. Mangaoang |
| **Tagapamahala:** | Tolentino G. Aquino, Atty. Donato D. Balderas Jr., Arlene A. Niro, German E. Flora, Gina A. Amoyen, Virgilio C. Boado, Editha T. Giron, Alejo R. De Sesto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region I**
Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 4: Maikling Kuwento ng United States of America (Panitikang Kanluranin)

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Kumusta ka na? Handa ka na bang ipagpatuloy ang iyong pagkatuto. Sana kung gaano ka nasabik sa nakaraang aralin ay ganoon pa rin ang iyong pagkasabik sa susunod na tatalakayin nating aralin. Kung handa ka na ay simulan mo na ang malalim na pag-unawa sa aralin tungkol sa isang maikling kuwento.

Ang **Modyul 4** ay naglalaman ng isang maikling kuwentong mula sa bansang United States of America na pinamagatang “Ang Aginaldo ng mga Mago” na isang obra ni William Sidney Porter o mas kilala sa sagisag na O. Henry at isinalin sa Filipino ni Rufino Alejandro sa Pete’s Tavern sa Irving Place sa New York City, USA. Nailathala ito noong 1906 sa *The New York Sunday World.* Itinuturing ito ni O. Henry bilang isa sa mga pinakamahal na maikling kuwentong may hindi inaasahang pagwawakas.

Sa tulong ng mga gawain sa modyul na ito, mahahasa ang iyong kasanayan sa pagsusuri sa kahalagahan ng diyalogo sa akda at mapalalawak ang iyong kakayahan sa pagtatala ng mga salitang magkakatulad at magkakaugnay ang kahulugan at kasanayan sa paghihinuha at paghuhula sa kinalabasan ng pangyayari sa isang akda.


Bilang pangwakas na gawain, inaasahang naisasalaysay nang masining at may damdamin ang isinulat na maikling kuwento.

Sa pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod:

**Mga Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)**

1. Nasusuri sa diyalogo ng mga tauhan ang kasiningan ng may akda. **(F10PN-IIe-73)**
2. Naitatala ang mga salitang magkakatulad at magkakaugnay sa kahulugan. **(F10PT-IIe-73)**
3. Nahihinuha sa mga bahaging napanood ang pakikipag-ugnayang pandaigdig. **(F10PD-IIe-71)**
4. Naisasalaysay nang masining at may damdamin ang isinulat na maikling kuwento. **(F10PS-IIe-75)**

Handa ka na bang magsimula? Tara, simulan na natin ang paglalakbay sa America at tuklasin ang kultura ng bansang ito sa pamamagitan ng kanilang akda!



## Subukin

*Bago natin talakayin ang aralin, alamin mo muna ang lawak ng iyong kaalaman kaugnay ng paksang ating tatalakayin. Subukin mong sagutin ang paunang pagtataya.*

**PAUNANG PAGTATAYA**

**A.** Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na pahayag. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

_____ 1. Isang akdang pampanitikan na naglalaman ng isang kuwentong may mahalagang pangyayari at may iisang kakintalan lamang.

A. Alamat | B. tula
C. Maikling Kuwento | D. Dula

_____ 2. Ito'y ang nagpapagalaw at nagbibigay buhay sa kuwento.

A. Tema | B. Kariktan
C. Tauhan | D. Tagpuan

_____ 3. Paano mo maipadadama ang iyong pagmamahal sa isang tao?

A. Pagsunod sa kaniyang mga gusto.
B. Pagbibigay ng mga materyal na bagay.
C.Pagsasakripisyo sa mga mahahalagang bagay para siya'y mapasaya.
D.Ituon lahat ng oras sa kaniya.

_______4. Ang tawag sa isang uri ng kuwentong ang higit na binibigyang-halaga o diin ay ang kilos o galaw, ang pananalita at pangungusap at kaisipan ng isang tauhan.

A. Kuwentong bayan
B. Kuwento ng Katutubong kulay
C. Kuwentong pakikipagsapalaran
D. Kuwento ng tauhan

_________5. Bakit mahalaga ang pagbibigayan sa kapuwa?

A. Nagpapadama ng pagmamahalan.
B. Pagpapakita ng pagkakaisa.
C. Naipaparating ang kahalagahan ng pakikipagkapwa-tao
D. Lahat ng nabanggit

**B.** Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang talata sa loob ng kahon. Hanapin sa loob ng talata ang kasingkahulugan ng mga sumusunod na salita. Isulat sa sagutang papel.

Pangkaraniwan lamang ang mga isinusuot niyang damit dahil sa hindi niya kayang magsuot ng magagara. Hindi siya maligaya. Sa pakiwari niya'y alangan sa kaniya ang lalaking nakaisang-dibdib sapagkat sa mga babae ay walang pagkakaiba-iba ng katayuan sa buhay. Ang ganda't alindog ay sapat na upang maging kapantay ng sinumang hamak na babae ang isang babaing nagmula sa pinakadakilang angkan. Labis ang kaniyang pagdurusa at paghihinagpis dahil may paniniwala siyang isinilang siya sa daigdig upang magtamasa ng lubos na kaligayahan sa buhay na maidudulot ng salapi. May taglay siyang alindog na hindi nababagay sa kasalukuyan niyang kalagayan. Ipinaghihinagpis niya ang karukhaan ng kaniyang lumang tahanan, ang nakaaawang anyo ng mga dingding, ang mga kurtinang sa paningin niya ay napakapangit. Malimit na sa pagmamasid niya sa babaing Briton na siyang gumaganap ng ilang abang pangangailangan niya sa buhay ay nakadarama siya ng panghihinayang at napuputos ng lumbay ang kaniyang puso kapag naiisip ang mga pangarap niya sa buhay na hindi yata magkakaroon ng katuparan. Tanyag na pinagmimithing makilala ng balana at makikisig na ginoong pinananabikang karinggan ng papuri at pinaglulunggatian ng kababaihan.

*(Mula sa bahagi ng akdang Ang Kuwintas)*

| Mga salita | Kasingkahulugan |
|---|---|
| Alindog<br>Nakaisang-dibdib<br>Lumbay<br>Pinaglulunggatian<br>Tanyag<br>Kaligayahan<br>Magara<br>Karukhaan<br>Pagmamasid<br>Panghihinayang | |

*Mahusay! Natapos mo ang paunang pagtataya. Kung mababa naman ang nakuha mong iskor, huwag kang mag-aalala sapagkat tutulungan kitang matutuhan ang inihanda kong aralin. Tiyak, pagkatapos ng araling ito ay uunlad pa ang iyong kaalaman. Tayo na't magpatuloy.*

**Aralin 1**

# Maikling Kuwento mula sa United States of America

## Panitikan: Aginaldo ng mga Mago




### *Balikan*

*Sa nakaraang modyul, natalakay natin ang tungkol sa tula at ang tayutay. Natalakay natin na ang tula ay isang akdang pampanitikang may matatalinghagang pagpapahayag ng isipan at damdamin. Nalaman mo sa tulang "Ang Aking Pag-ibig" ang paglalarawan ukol sa kagandahan, kariktan at kadakilaan ng isang tao. Bilang pagbabalik-tanaw sa kasanayan sa nakaraang modyul, inaasahang maisasagawa mo ang gawain gamit ang konsepto ng tayutay. Kung handa ka na, magsimula ka na.*

**Gawain 1: Sigaw ng Puso Ko**

Panuto: Gumuhit ng tatlong hugis puso sa iyong papel. Sumulat ng mga paglalarawan sa taong labis mong minamahal. Gumamit ng iba't ibang tayutay.



*Mahusay! Matagumpay mong naisagawa ang unang gawain. Ipagpatuloy mo pa ang kasunod na mga gawaing may kaugnayan sa ating aralin.*

**Gawain 2: Ipahayag Mo, Karanasan Mo**

Panuto: Isa sa pinakamasayang bahagi sa buhay ng isang tao ang makatanggap at makapagbigay ng aginaldo. Batay sa iyong sariling karanasan, dugtungan ang bawat pahayag kasama ng mga larawan. Gawin ito sa inyong sagutang papel.



*Iginuhit ni: Ernesto F. Ramos Jr.*

Ang pinakamahalagang bagay na aking natanggap ay

________________________________________
________________________________________
________________________________________

Nagawa kong isakripisyo alang-alang sa taong mahal ko ang aking

________________________________________
________________________________________
________________________________________

Batay sa iyong sariling karanasan magbigay ng sariling pananaw kaugnay sa pahayag na ito.

**“Mas Mabuting Magbigay Kaysa Tumanggap”**

*Sagot:*________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________

*Napakahusay! Matagumpay mong nasagutan ang gawain.*


# *Tuklasin*

*Ang tunay na pag-ibig ay pagpapakasakit. Masasalamin sa maikling kuwentong ito na ang sinomang nagmamahal nang tapat ay handang ialay ang sariling kaligayahan alang-alang sa taong minamahal.*

*Sa bahaging ito, basahin at unawain mo ang maikling kuwento mula sa Amerika at alamin kung paano pinatunayan nina Jim at Della ang wagas na pagpapakasakit para sa isa’t isa. Basahin mo ito nang may pag-unawa para higit mong maunawaan kung paano maisasabuhay ang mahalagang tema o kaisipang nakapaloob sa akda.*

***Alam mo bang...***

Ang ***Aginaldo ng mga Mago*** ay kaugnay ng salaysay sa Bibliya hinggil sa tatlong haring mago na matatagpuan sa Ebanghelyo ni Mateo **(Mateo 2: 1-12)**. Ang mga mago na kinalaunang tinutukoy sa mga Kristiyano na tatlong hari, tatlong mago at mga pantas ang mga indibidwal na dumalaw sa batang Hesus noong bagong silang pa lamang ito. Kanilang nakita ang bituin sa Silangan at tumungo sa Belen upang sambahin ang sanggol na si Hesus. Bilang parangal, nag-alay ang mga mago ng mga handog kay Hesus na ginto, kamanyang at mira. Ayon sa paniniwala, sa kanila nagsimula ang kaugaliang pagbibigayan ng regalo lalo na sa pagsapit ng Pasko.



*Iginuhit ni: Ernesto F. Ramos Jr.*

# Aginaldo ng mga Mago

Maikling Kuwento – United States of America
Salin sa Filipino ni Rufino Alejandro

Piso at walampu't pitong sentimos. Iyan lang. At ang animnapung sentimos nito ay barya. Makatatlong bilangin ni Della. Piso at walumpu't pitong sentimos. At kinabukasan noon ay Pasko.

Talagang wala nang dapat gawin kundi sumalagmak sa munting gusgusing sopa at magpalahaw. Kaya't iyon nga ang ginawa ni Della. Tinapos ni Della ang kaniyang pag-iyak at hinarap ang kaniyang mga pisngi. Siya'y nagpulbos. Tumayo siya sa tabi ng bintana at matamlay na pinagmasdan ang isang abuhing pusang nanunulay sa isang abuhing bakod sa abuhing likod bahay. Kinabukasan noon ay araw ng Pasko at ang pera niya'y wala kundi piso at walumpu't pitong sentimos lamang para ipambili ng pang-aginaldo kay Jim, kaniyang asawa. Kung ilang buwan siyang nagtabi ng pera at ito ang kaniyang natipon. Gaano ba naman ang itatagal ng kitang dalawampung piso isang linggo! Naging malaki ang kaniyang mga gastos kaysa kaniyang inaasahan. Laging gayon ang nangyayari. Piso at walumpu't pitong sentimos lamang na pambili ng aginaldo para kay Jim. Sa kaniyang Jim.

Maraming oras ang ginugol niya sa pag-iisip ng isang magandang pang-aginaldo kay Jim. Isang pang-aginaldong maganda, pambihira at yari sa pilak – yaong maaari nang sabihing karapat-dapat ariin ni Jim.

Kagyat siyang pumihit at nilisan ang bintana at humarap sa salamin. Nagniningning ang kaniyang mga mata, datapwa't dalawampung segundong nawalan ng kulay ang kaniyang pisngi. Maliksi niyang inilugay nang puspusan ang kaniyang buhok.



Ang mag-asawang James at Della Dillingham Young ay may dalawang ari-ariang ipinagmamalaki nila nang labis. Ang isa'y gintong relos ni Jim na minana niya sa kaniyang ama at sa ama ng kaniyang ama. Ang isa pa ay ang buhok ni Della.

At ngayo'y nakalugay ang magandang buhok ni Della, aalon-alon at kumikislap na parang buhos ng kayumangging tubig sa isang talon. Abot hanggang sa ibaba ng kaniyang tuhod at mistulang pananamit na niya. At pagkatapos ay maliksing pinusod niyang muli na nangangatog pa ang kaniyang mga kamay. Minsan siyang natigilan samantalang dalawang patak na luha ang tumulo sa gasgas na pulang karpet sa sahig.

Isinuot ang kaniyang lumang dyaket na kulay kape at isinuot ang kaniyang lumang sombrerong kulay-kape rin. Umalembong ang kaniyang saya at nagkikinang ang kaniyang mga mata nang siya'y humagibis na papalabas sa pintuan, manaog at lumabas sa lansangan.

Sa tapat ng hinintuan niya ay may karatulang ganito ang mababasa: "Madame Sofronie". Lahat ng Uri ng Kagamitang Yari sa Buhok." Patakbong pumanhik si Della sa unang hagdanan at saka huminto upang bigyang-panahon ang kaniyang paghingal.

“Gusto ba ninyong bilhin ang aking buhok?” ang tanong ni Della.

“Bumibili ako ng buhok,” sabi ng Madame. “Alisin mo ‘yang sombrero mo’t nang makita ko ang hitsura niyan.”

Ipinakita ni Della ang aalon-alon niyang buhok. “Beinte pesos,” ang wika ng Madame, habang iniaangat ng sanay na kamay ang makapal na buhok.

“Bayaran n’yo ako agad,” ang wika ni Della. O, at ang sumunod na dalawang oras ay masayang nagdaan. Hindi pala. Sa loob ng dalawang oras na sumunod ay walang ginawa si Della kundi ang halughugin ang mga tindahan sa paghahanap ng maipang-aaginaldo kay Jim.

Sa wakas ay nakakita siya. Talagang bagay na bagay kay Jim. Parang ipinasadya. Walang ibang tindahang mayroon noon. Isang magandang kadenang platino, na ang disenyo ay simpleng-simple ngunit nakaaakit. Sa tingin lamang ay talagang makikilalang mamahalin. At sadyang karapat-dapat sa relos. Pagkakitang-pagkakita niya sa kadenang iyon ay sumaksak agad sa loob niya ang bagay na iyon kay Jim. Katulad na katulad nito – mahinhin at mahalaga. Dalawampu’t isang piso ang ipinabayad nila roon sa kaniya at nagmamadali siyang umuwi, dala ang dalawampu’t pitong sentimos na natitira. Kapag nakabit na ang kadenang iyon sa kaniyang relos ay pihong madalas na titingnan ni Jim ang oras sa harap ng kaniyang mga kaibigan. Bagaman sadyang maganda ang relos, palihim kung ito’y dukutin ni Jim upang tingnan ang oras dahil sa lumang katad na nakakabit.

Nang dumating ng bahay si Della, minabuti niya ang gumawa ng kaunting pag-iingat. Kinuha niya ang kaniyang pangulot at pinainit ang kalan at kinumpuni ang kasiraang nilikha ng pag-ibig na pinalubha pa ng kagandahang loob. Nang alas-siyete na’y handa na ang kape at ang pagpiprituhan ng karne. Si Jim ay hindi kailanman ginagabi ng dating. Kinuyom ni Della ang kadena sa kaniyang palad at naupo sa sulok ng mesang malapit sa pintong laging dinaraanan ni Jim. Narinig niya ang mga yabag ni Jim sa unang hagdanan at siya’y namutlang sandali. Ugali na niya ang magdasal nang kaunti patungkol sa mumunting bagay na nangyayari sa araw-araw at ngayo’y bumulong siya ng ganito, “O Poong Diyos, marapatin Mo pong sabihin niya na ako’y maganda pa rin.”

Bumukas ang pinto at pumasok si Jim at pagkatapos ay isinara uli iyon. Parang nangayayat siya at ang mukha niya’y walang bakas ng kagalakan. Kawawa naman! Dadalawampu’t dalawang taon lamang siya at nag-iintindi na dahil sa kaniyang pamilya! Kailangan niya ang isang bagong damit na pang-ibabaw at wala pa rin siyang guwantes.

Pumasok si Jim at walang katinag-tinag. Ang mga mata niya’y nakapako kay Della at ang tingin niya’y nakapagpangilabot sa babae. Hindi naman galit, ni pagtataka, ni pamimintas, ni hilakbot, ni ang alinman sa mga simbuyong pinaghahandaan na ni Della. Basta’t nakatitig si Jim sa kaniya na ang mga mata’y nagpapahayag ng isang damdaming hindi mahulaan.

Maingat na bumaba si Della mula sa mesang kaniyang kinauupuan at lumapit kay Jim. “Jim, mahal ko,” ang wika niya, “huwag mo sana akong masdan nang paganiyan. Ipinaputol ko ang aking buhok at ipinagbili sapagkat hindi na ako makatatagal pa hanggang sa isang Pasko kung hindi kita mabibigyan ng isang aginaldo. Ito nama’y hahaba uli – huwag ka sanang magagalit na ha? Talagang kinailangang gawin ko iyon. Malakas namang humaba ang aking buhok. Hala, sabihin mong Maligayang Pasko, Jim at tayo’y magsaya. Hindi mo nalalaman kung gaano kaganda ang aginaldong binili ko para sa iyo.”

“Pinutol mo ang iyong buhok?” ang tanong ni Jim na parang nahihirapang magsalita.

"Ipinaputol ko at ipinagbili," ang wika ni Della. "Hindi ba gusto mo rin ako kahit na putol ang aking buhok?" Dinukot ni Jim ang isang balutan sa kaniyang bulsa at inihagis sa mesa.

"Huwag ka sanang magkakamali tungkol sa akin, Della," ang wika niya. "Sa palagay ko'y walang makababawas sa aking pagkagusto sa aking giliw dahil lamang sa buhok o sa pabango, o ano pa man. Datapwat kung bubuksan mo ang pakete ay mauunawaan mo kung bakit ako nagkagayon noong bagong dating ako."

Ang balutan ay pinunit ng mapuputi at magagandang daliri. At isang malakas na tili ng galak at pagkatapos ay – isang hagulgol na sinasabayan ng pagdaloy ng masaganang luha.

Pagkat ang dala ni Jim para sa kaniya ay mga suklay – isang huwego ng mga suklay na malaon nang inaasam-asam ni Della mula nang ang mga iyon ay makita niya sa isang bintana ng tindahan sa *Broadway*. Idinaiti niya ang mga yaon sa kaniyang dibdib, at sa wakas ay naitaas niya ang kaniyang paninging hilam sa luha at winika, "Mabilis humaba ang buhok ko, Jim."

At si Della'y lumuksong animo'y isang pusang napaso, at ang sabi, "Oh! Oh!" Hindi pa nakikita ni Jim ang magandang aginaldo sa kaniya. Iniabot iyon ni Della sabay pagbubukas ng kaniyang palad. Ang mahalagang metal ay kinang na gaya ng apoy ng kaniyang kaluluwa.

"Hindi ba maganda, Jim? Hinalughog ko ang buong bayan para lamang makita ko iyan. Pihong matitingnan mo na ngayon ang oras kahit makasandaang beses maghapon. Akin na ang relos mo. Tingnan ko lamang kung gaano kaganda kung maikabit na ang kadena.

Sa halip na ibigay ang hinihingi, si Jim ay napahiga sa sopa at iniunan ang kaniyang ulo sa kaniyang mga palad at saka ngumiti.

"Della, itabi muna natin ang ating mga pang-aginaldo at itago natin ng ilang araw. Sayang na gamitin agad ngayon ang mga iyon. Ang relos ay ipinagbili ko para maibili ng mga suklay para sa iyo. Mabuti pa'y prituhin mo na ang karne."

----

Gaya ng alam na ninyo, ang mga mago ay mga taong marurunong – napakarurunong – at sila ay nagdala ng mga alay sa sanggol sa sabsaban. Sila ang may imbento ng pagbibigay ng mga aginaldo kung Pasko. Palibhasa'y marurunong, pihong ang kanilang mga alay sa Sanggol ay may magagandang kahulugan, marahil ay yaong maaaring ipakipagpalitan kung sakaling magkakapareho. At dito'y pinag-inutan kong isalaysay sa inyo ang simpleng kasaysayan ng dalawang taong nakatira sa isang abang tahanan, na buong talinong nagsakripisyo para sa isa't isa kahit na mawala ang lalong mahalagang ari-ariang ipinagmamalaki ng kanilang tahanan.

Ngunit parang huling paalala sa marurunong ng ating kapanahunan, dapat sabihin dito na sa lahat ng nagbigay ng aginaldo, ang dalawang ito ay siyang pinakamarunong. Sa lahat ng nagbigay at tumanggap ng aginaldo, sila ang pinakamarunong. Sila ang pinakamarunong sa lahat ng dako. Sila ang mga Mago.

*Naibigan mo ba ang binasang maikling kuwento? Tiyak na nanghinayang ka sa kinalabasan ng mga pangyayari. Batid kong nakaramdam ka ng pagkalungkot sa sinapit ng dalawang marurunong na mago sa kuwento. Magkagayonman, nais kong ipagpatuloy mo ang pagsagot sa kasunod na gawain para mas mapalalim pa ang iyong pag-unawa sa ating aralin.*

## Gawain 3: Paglinang ng Talasalitaan

Panuto: Gumawa nang katulad na kahon sa sagutang papel at sipiin ang mga pangungusap. Piliin sa loob ng parihaba ang kahulugan ng mga salitang nagamit sa pangungusap. Itala sa loob ng kahon ang kasingkahulugan nang mga salitang may salungguhit.

Si Della ay ***sumalagpak*** sa narinig na balita.

***Humagulgol*** ako habang nanonood.

Siya'y ***humagibis*** na lumabas sa pintuan.

Hindi ako nahihiyang ***umalembong*** sa kanya.

***Halughugin*** mo ang lumang kabinet.

***Walang katinag-tinag*** sa pagkakatayo ang bata.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Lumandi | kulabo | lumuklok | halungkatin |
| Simbuyo | panlalabo | lagablab | halukayin |
| Humarurot | tangis | tumulin | malakas na iyak |
| Napaupo | | | |

## Gawain 4: Pagsusuri sa Tauhan

Panuto: Sagutin ang mga kasunod na tanong sa inyong sagutang papel.

1. Ilarawan ang mga katangian ng dalawang tauhan sa kuwento. Paano nila ipinamalas ang masidhing pagmamahal sa isa't isa?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Ano ang suliranin ng mga tauhan sa akda? Makatuwiran ba ang kanilang naging pagpapasya para malutas ang kanilang suliranin? Ipaliwanag.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
3. Ano ang makabuluhang kahulugan ng pagbibigayan ng regalo sa Pasko ang ipinakita nina Jim at Della? Patunayan.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
4. Kung ikaw ang isa sa tauhan sa akda, maisasakripisyo mo ba ang pinakamahalagang bagay sa iyo mapasaya mo lamang ang taong minamahal mo? Bakit?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
5. Ano ang mahalagang mensahe/aral ang naipabatid sa iyo ng akda? Magtala ng halimbawa kung paano mo ito isasabuhay.
   ______________________________________________
   ______________________________________________

6. Mula sa mga diyalogo ng mga tauhan sa binasang akda, paano mo mailalarawan ang katangian ng bawat isa?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**Gawain 5: Pagsusuri sa Akda**
Panuto: Sagutin ang mga kasunod na tanong sa inyong sagutang papel.

1. Sipiin ang ilang diyalogo sa akda na nagpakita ng masining na pagpapahayag. Nakatulong ba ito sa pagiging masining ng akda? Patunayan.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
2. Bakit pinamagatang Aginaldo ng mga Mago ang akda?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
3. Anong panahon kaya nangyari ang kuwento? Patunayan ang sagot sa pagtukoy ng mga bahaging katatagpuan nito.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
4. Anong uri ng tunggalian ang nilikha ng may-akda sa kuwento?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
5. Naging mapanghamon ba ang wakas ng kuwento? Patunayan.
______________________________________________________________
______________________________________________________________

*Sa maikling kuwentong "Aginaldo ng mga Mago," ipinamalas ng mga tauhan ang pagsasakripisyo ng mga mahahalagang bagay alang-alang sa ikasisiya ng taong pinakamamahal.*


**Gawain 6: Turo Mo! Gabay Ko!**
Panuto: Batay sa mga pangyayari sa kuwento, ilahad ang mga mabubuting katangian ng bawat isa at mga makatotohanang pangyayari na maari mong maisabuhay.


Iginuhit ni: Ernesto F. Ramos Jr.


Iginuhit ni: Ernesto F. Ramos Jr.

*Binabati kitang muli sa lumalawak mong kaalaman at pag-unawa sa ating aralin! Magpatuloy ka lang.*

*Basahin at unawain mo ang elemento ng maikling kuwento at ang pagbuo ng mabuting katauhan ng isang karakter upang iyong matuklasan kung paano ito sa kasiningan ng isang akda.*



## Suriin

Bakit mahalaga ang tauhan sa kuwento? Ang ganda at bisa ng isang akda ay nakasalalay sa paglalarawan at pagbibigay- buhay sa mga karakter na nilikha ng manunulat.
Ang **tauhan** ay isang elemento ng maikling kuwento na nagbibigay buhay o nagpapagalaw sa kuwento at gumaganap sa mga pangyayari.
**Alam mo bang...**
**Maikling Kuwento ng Tauhan** ang tawag sa isang uri ng kuwentong ang higit na binibigyang-halaga o diin ay ang kilos o galaw, ang pananalita at pangungusap at kaisipan ng isang tauhan.

➢ Naglalarawan ito ng iisang kakintalan sa taong inilalarawan o pinapaksa.

➢ Kumakatawan siya sa kabuoan ng kuwento sa pamamagitan ng anomang nangingibabaw na idea o ng mga kabuluhan sa kuwento.

➢ Nangingibabaw rito ang isang masusing pag-aaral at paglalarawan sa tunay na pagkatao ng tauhan sa katha.

➢ Maraming paraan ang ginagamit ng may-akda sa paglalarawan ng buong pagkatao ng tauhan. Nasasalig ito sa kaniyang panloob na anyo – ang isipan, mithiin, damdamin at gayon din sa kaniyang panlabas na anyo pagkilos at pananalita.

➢ Nakatutulong din sa pagpapalitan ng katauhan ang mga pag-uusap ng ibang tauhan sa kuwento tungkol sa kaniya. Ngunit sa pamamagitan na rin ng tauhan nagkakaroon ng pinakambisang paglalarawan ng katauhan at naipakikita ito sa kaniyang reaksyon o saloobin sa isang tiyak na pangyayari.

**<u>Pagbuo ng Mabuting Katauhan ng Karakter</u>**

1. ***Umpisahan sa pagbuo ng isang payak na profayl*** – pangalan, edad, kasarian at trabaho. Ang mga nabanggit ay makaaapekto sa iyong karakter.
    a. *Pisikal na Profayl* – ito ang pisikal na katangian at kaanyuan
    b. *Sikolohikal na Profayl* – tumutukoy ito sa kung paano siya mag-isip, ano ang laman ng pag iisip, pandama, dumama at iba pa.
    c. *Sosyal na Profayl* – ito ang katayuan niya sa lipunan: anong papel bilang indibidwal ang ginagampanan niya sa lipunan.
2. ***Pumili ng isang magandang pangalan***. Ang pangalan ay dapat ding isaalang-alang dahil kailangang bumagay ang kanyang pangalan sa kanyang personalidad.
3. ***Bumuo ng background ng karakter.*** Ano ang kanyang layunin sa paggawa ng mga bagay-bagay. Ang kapaligiran at ang mga pangyayari ay nakatutulong sa paghubog ng personalidad ng isang tao.
4. ***Gumawa ng isang mas maunlad na personalidad.*** Paano nakaaapekto ang kanyang *background* sa kanyang personalidad? Nawalan ba siya ng mahal sa buhay kaya may ganoon siyang pag-uugali?

5. ***Ilagay ang karakter sa isang banghay.*** Mag-isip ng simula at wakas ng isang kuwento. Gumawa pa ng mas maraming karakter upang higit na mahubog ang personaldad ng iyong karakter.

**<u>Mga Dapat Tandaan sa Pagsulat ng Maikling Kuwento</u>**

1. Mag-isip ng kawili-wili at kapana-panabik na pamagat ng kuwento.
2. Gawing kawili-wili ang mga unang pangungusap ng kuwento. Laging magsimula sa aksiyon.
3. Linangin at paunlarin ang karakterisasyon. Isa-alang ang mga gabay sa mabuting pagbuo ng katauhan ng karakter. Ipakilala silang 12on a12 sa iyong kuwento sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahahalagang detalye tungkol sa kanila.

**<u>Pagbuo ng Mabuting Katauhan ng Karakter</u>**

1. Sumulat ng makabuluhang usapan / diyalogo. Bigyan ng sariling talata ang bawat nagsasalita. Huwag nang ipaliwanag ang ilang detalye upang sa gayon ay mahamon mo ang mambabasa na makapagbigay ng sariling hinuha sa kuwento
2. Pumili ng angkop na pananaw.
3. Gumamit ng angkop na tagpuan at konteksto. Maglagay ng malinaw na detalye sa tagpuan.
4. Isaayos ang banghay o mga pangyayari sa kuwento. Piliin ang eksenang tiyak na magiging kapana-panabik sa mambabasa. Lumikha ng tunggalian at tensiyon.
5. Linangin ang Krisis o Kasukdulan. Sikaping ang kasukdulan ay magaganap sa tamang sandali.
6. Humanap ng kalutasan sa suliranin at gawing kawili-wili rin ang wakas.

*Nasundan mo ba ang mga elemento at mga dapat tandaan sa pagsulat ng isang maikling kuwento? Kung oo, mahusay ka. Napuno na ng impormasyon ang iyong kaisipan. Upang mailapat ang napag-aralan mo, isagawa mo na ang kasunod na gawain.*

**Gawain 7: Diyalogo Ko… Suriin Mo Ito…**


Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang naging usapan ni Jim at Della. Batay sa kanilang diyalogo suriin ang kasiningan ng akda. Gayahin ang grapikong representasyon sa sagutang papel.

“Hindi ba maganda, Jim? Hinalughog ko ang buong bayan para lamang makita ko iyan. Pihong matitingnan mo na ngayon ang oras kahit makasandaang beses maghapon. Akin na ang relos mo. Tingnan ko lamang kung gaano kaganda kung maikabit na ang kadena.

Sa halip na ibigay ang hinihingi, si Jim ay napahiga sa sopa at iniunan ang kaniyang ulo sa kaniyang mga palad at saka ngumiti.

“Della, itabi muna natin ang ating mga pang-aginaldo at itago natin ng ilang araw. Sayang na gamitin agad ngayon ang mga iyon. Ang relos ay ipinagbili ko para maibili ng mga suklay para sa iyo. Mabuti pa’y prituhin mo na ang karne.”



## *Pagyamanin*

***Alam mo bang...***
***Paghihinuha (interferencing)***

- Ang tawag sa pahayag ng mga inaakalang mangyayari batay sa sitwasyon o kondisyon.
- Ito'y ang pag-intindi ng mga bagay mula sa pahiwatig o mga ebidensya/ clue nito. Halimbawa sa isang kuwento o napanood, aalamin mo ang wakas ayon sa mga pangyayari. Sa tulong din ng pag-unawa sa pamagat ng kuwento o napanood magkakaroon ng hinuha batay sa iyong sariling karanasan, sa mga nangyayari sa paligid at sa mga ebidensya na nakalap. Halimbawa: Ang Kuwintas mula sa kanyang pamagat makapagbibigay ka na ng iyong hinuha sa paksa o tema ng babasahin o panonooring video.
- Maaari rin makatulong sa paghihinuha ang dating kaalaman, katangian o anyo ng materyal at iba pang elemento.
- Mahalaga ang pagkakaroon ng malawak na talasalitaan, kakayahang magpakahulugan sa mga pahayag at katalasan ng isip sa mga pahiwatig.
- Kung ang bawat pahiwatig at implikasyong ibinigay ay uunawaing mabuti at buhat dito ay makakayanang bumuo ng isang makabuluhang hinuha, ganap ang naging pag-unawa niya sa nabasa.
- Sa hinuhang ito, makabubuo ng prediksyon o paghuhula.
- Sa pagbuo ng hinuha maaring gamitin ang mga pantulong na gawain sa paghihinuha tulad ng mga sumusunod:

1. Paghihinuha sa pansuportang detalye
2. Paghihinuha sa pangunahing ideya
3. Paghihinuha sa pagkakasunod-sunod
4. Paghihinuha sa paghahambing
5. Paghihinuha sa sanhi at bunga
6. Paghihinuha sa katangian ng tauhan

7. Paghihinuha sa kalalabasan

*Mga halimbawa ng mga salita o pahayag sa paghihihuha:*
baka, tila, wari, marahil, siguro, yata, sa/ang tingin ko ay, hindi malayo, sa palagay ko, sa aking sapantaha at iba pa

*Mga Halimbawang Pangungusap:*
Baka magbago ang isip niya kapag nabasa niyang muli ang panukala.
Sa pagdami ngayon ng kaso ng COVID-19, *tila* magtatagal pa ang ECQ.
*Marahil* totoo ang kanyang sinasabi tungkol sa Anti-Terrorism Bill.
Sa *wari* ko'y isang malaking pagkakamali kung hindi tayo susunod sa batas.
*Siguro* may bagyong darating dahil makulimlim ang kalangitan.
Hindi na *yata*, magbabalik pa sa normal ang lahat dahil sa pandemya.
Ang tingin ko ay tama lang ang kanyang desisyong magbagong-buhay.
*Hindi malayong* maging matagumpay si Juan dahil sa kanyang pagsisikap.
Sa palagay ko, kailangan nating magtulungan upang labanan ang sakit ng lipunan.

Ang pagbibigay hinuha ay maaaring maging positibo o negatibo. Kaya't kailangang maging maingat sa pagpapahayag upang hindi makasakit sa damdamin ng kapwa.

*Sa bahaging ito, babasahin at uunawain mo ang akda at pagsikapan mong sagutin ang mga kasunod na katanungan.*

## Maligayang Pasko

ni Eros S. Atalia

Pinatay na niya ang sauce. Luto na rin ang noodles ng spaghetti. Sinilip niya ang oven. Paluto na ang lechon de leche. Nagniningning sa mantika ang hamon, hotdog at bacon. Nasa gitna na ng mesa ang mansanas, ubas, kahel at peras. Hiwa na rin ang keso de bola. Timplado na rin ang juice. Inilagay na niya sa mesa ang morcon, lechon manok, embutido, paella at pinasingaw na sugpo. Naglagay siya ng tatlong pinggan, baso, kutsara at tinidor sa mesa. Pati na rin ang napkin.

Maya-maya, bitbit na niya ang isang supot. Sa loob nito ay may ilang nakabalot na ulam. Lumabas na siya ng bahay. Tinahak na niya ang nagniningning na lansangan. Habang naglalakad, sinilip niya ang laman ng supot. May apat na balot. Hindi niya maaninag kung ano-ano ang laman ng mga ito. Pero tamang-tama sa anim niyang anak at sa kanilang mag-asawa ang bitbit na pabaong Noche Buena.


Bukas, araw ng Pasko, maaga siyang babalik upang maghugas ng pinagkainan.

*-Halaw Mula sa Wag Lang Di Makaraos (Atalia, 2011)*

**Gawain 8: Hinuha Ko!**
Panuto: Mula sa nabasang akda, bumuo ng limang hinuha sa mga pangyayaring naganap o nabanggit gamit ang mga pahayag sa paghihinuha. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

**Gawain 9: Napanood Ko! Hinuha Ko!**
Panuto: Manood ng isang napapanahong balita o isyu na may kaugnayan sa mga isyung pandaigdig. Gamitin ang mga pahayag sa paghihinuha. Gayahin ang pormat sa sagutang papel.






## *Isaisip*

**Gawain 10: Repleksiyon Ko**
Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong at pahayag sa iyong sagutang papel. Gumamit ng mga pahayag sa paghihinuha sa pagpapaliwanag.

1. Anong mahalagang ari-arian ang handa mong isakripisyo para sa kaligayahan ng taong minamahal mo? Bakit?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Balikan ang mga pangyayaring isinalaysay sa akda. Tukuyin ang mga makatotohanan at di-makatotohanang pangyayaring binanggit at magbigay ng reaksiyon mo tungkol dito.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Paano mo isasabuhay ang mahalagang kaisipan na naipabatid sa iyo ng akda?

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

4. Ano-ano ang mga makatotohanan at di-makatotohanang pangyayari ang nabanggit sa akda na masasalamin sa kasalukuyan? Magbigay ng reaksiyon dito.

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________



## *Isagawa*

*Maganda ang ipinakita mong kahusayan. Ngayon naman ay ating tayahin ang iyong natutuhan sa araling ito. Kayang-kaya mong isagawa ang gawaing ito.*

**Gawain 11: GRASPS**

Panuto: Panoorin ang **COVID 19 PH: Pagtutulungan Para sa Frontliners** sa link na ito https://www.youtube.com/watch?v=VjXktfCbLP0 na isang napapanahong isyu at tukuyin ang mga pakikipag-ugnayang pandaigdig. Para sa walang internet gamitin ang mga napanood o napakinggang mga balita sa telebisyon at radio tungkol sa COVID-19 na may kaugnayan sa pagbibigayan o pagtutulungan.

| | |
|---|---|
| ***Goal*** | Ikaw ay susulat ng isang maikling kuwento tungkol sa iyong sariling karanasan na may kaugnayan sa napanood o napakinggan na napapanahong isyung pandaigdig. Gumamit ng mga pahayag sa paghihinuha. Isalaysay nang masining at may damdamin ang isinulat na maikling kuwento. |
| ***Role*** | Ikaw ay magiging manunulat / mananalaysay. |
| ***Audience*** | Guro, mga kapwa mag-aaral. |
| ***Situation*** | Ipagpalagay na ikaw ay lalahok sa isang patimpalak ng pagsulat ng salaysay na may paksang tungkol sa pagbibigayan ng aginaldo. |
| ***Product*** | Salaysay tungkol sa sariling karanasan sa pagbibigay ng aginaldo. |
| ***Standards*** | A. Naaayon sa paksa.................................................. 40 puntos<br>B. Mahusay na nilalaman........................................... 20 puntos<br>C. Mabisang paggamit ng paghihinuha............................20 puntos<br>D. Mensahe sa mambabasa...........................................10 puntos<br>E. Masining at may damdamin na pagsasalaysay............10 puntos<br>Kabuoan................................................................100 puntos |



# *Tayahin*

*Mahusay! Ako ay humahanga sa labis mong dedikasyon upang matapos ang modyul na ito. Ngayon ay nasa huling bahagi na tayo ng modyul na ito. Ito ay isang maikling pagsusulit lamang upang mataya ang iyong mga natutuhan hinggil sa mga paksa o araling tinalakay sa modyul na ito.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

A. Basahin at unawaing mabuti ang naging usapan ng mga tauhan sa akdang "Ang Kalupi". Batay sa kanilang diyalogo suriin ang kasiningan ng akda. Gayahin ang grapikong representasyon sa sagutang papel.

"Pasensiya na kayo, Ale' ang sabi ng bata. Hawak nito ang isang maliit na bangkos. Tigbebente. "Hindi ko ho sinasadya. Nagmamadali ho ako, e."
"Pasensiya!" sabi ni Aling Marta. "Kung lahat ng kawalang-ingat mo'y pagpapasensiyahan nang pagpapasensiyahan ay makakapatay ka ng tao."
Nawawala ho ang aking pitaka," wala sa loob na sagot ni Aling Marta. Magkaano ho naman ang laman?" ang tanong ng babae. "Nakita rin kita!" ang sabi niyang humihingal. "Ikaw ang dumukot sa pitaka ko, ano? Huwag kang magkakaila!"
"Ano hong pitaka?" Ang sabi ni Andres. Wala ho akong kinukuha sa inyong pitaka.
"Anong wala!" pasinghal na sabi ni Aling Marta. "Ikaw nga ang dumudukot ng pitaka ko at wala nang iba. Kunwari ka pa'y binangga mo 'ko, ano ha? Magaling, magaling ang sistema ninyong iyan. Kikita nga kayo rito sa palengke!" "Nasiguro ko hong siya dahil sa nang ako'y kanyang banggain, e, naramdaman ko ang kanyang kamay sa aking bulsa," patapos niyang pagsusumbong. "Hindi ko lang ho napansin kaagad pagkat ako'y nagmamadali." "Wala ho akong dinukot na maski ano sa kanya," sisiguk-sigok na sagot ng bata. "Maski kapkapan ninyo 'ko nang kapkapan e wala kayong makukuha sa akin. Hindi ho ako mandurukot.

(*Halaw mula sa: "Ang Kalupi"*)

**Andres**
Kilos:
Gawi at pananalita:
Katangian:

**Aling Martha**
Kilos:
Gawi at pananalita:
Katangian:

**ANG KALUPI**

Bisa ng akda:
Lipunan:
Sarili:

Diyalogo:
Kasiningan nito

B. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na katanungan. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang suliranin ni Della sa kuwentong Aginaldo ng mga Mago?
   A. Ang handa nila sa pasko.
   B. Ibibigay na regalo sa asawa niyang si Jim.
   C. Bibilhin na palamuti sa kanilang bahay sa pasko.
   D. Ang kanilang ibibigay na regalo sa kanilang anak.

2. Bakit nabigla si Jim nang makita niya ang buhok ni Della?
   A. Dahil ayaw niyang magpagupit si Della.
   B. Binilhan niya ng suklay si Della bilang regalo.
   C. Hindi akma kay Della ang kanyang bagong gupit.
   D. Dahil gusto niya si Della kung mahaba ang kanyang buhok.

3. Ano ang damdamin ang nakapaloob sa diyalogo na ito, "Huwag mo sana akong masdan nang ganyan, ipinaputol ko ang aking buhok at ipinagbili sapagkat hindi na ako makatatagal pa hanggang sa isang pasko kung hindi kita mabibigyan ng aginaldo".
   A. Pag-aalala B. Pagtataka C. Pagkainis D. Pagtatampo

4. Kanino inihalintulad ang mag-asawang Jim at Della?
   A. Tatlong Hari B. Santa Claus C. Hesus D. mga bata

5. Sino ang ama ng maikling kuwento sa buong daigdig?
   A. Edgar Allan Poe B. Deogracias Rosario
   C. Severino Reyes D. Aesop

6. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa mga panuntunan sa pagbuo ng mabuting karakter?
   A. Umpisahan sa pagbuo ng isang payak na profayl.
   B. Ilagay ang karakter sa isang banghay.
   C. Gumamit ng mga tayutay sa paglalarawan.
   D. Gumawa ng isang mas maunlad na personalidad.

7. Isang proseso ng pagpapahiwatig o pagpapahayag batay sa sariling kaalaman.
   A. Pagpapaliwanag B. Paghihinuha
   C. Pagtatanong D. Pagsasalaysay

8. Batay sa mga nabasang akda ano ang mensaheng naipabatid sa iyo?
   A. Ang pasko ay tungkol sa regalo
   B. Dapat magbigay ng aginaldo tuwing pasko
   C. Hindi lang sa mga bata ang pagdiriwang ng pasko
   D. Hindi mahalaga ang material na bagay mapasaya mo lang ang taong mahalaga at nagmamahal sa iyo.

9. Bakit ibinenta ni Della ang kanyang buhok?
   A. Para makabili ng aginaldo para kay Jim
   B. Ibibili ng handa para sa pasko
   C. Mamasyal sila ng kanyang asawa
   D. Bibili ng mga gamit sa kanilang bahay

10. Anong mahalagang yaman ang naipagbili ni Jim para makabili ng aginaldo para kay Della?
    A. Mamahalin suklay B. Relos

C. Buhok D. Kadena para sa relos

C. Panuto: Itala ang mga salitang magkakatulad o magkakaugnay ng kahulugan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pag-iyak | pumanhik | hilakbot | umakyat |
| Ginugol | kinuyom | hikbi | inilaan |
| Nakatikom sa palad | | takot | |



*Muling pagbati sa'yo mahal na mag-aaral. Marami ka na namang nalamang impormasyon tungkol sa maikling kuwento mula sa USA (Panitikang Kanluranin) at paghihinuha. Nawa'y manatili sa iyong isipan ang mga aral na ito. Ngayon, ihanda mo ang iyong sarili sa panibago na naming aralin –* ***Modyul 5 (Nobela mula sa Cuba)****.*

# Susi sa Pagwawasto

## PAUNANG PAGTATAYA

**A.**

1. C
2. C
3. C
4. D
5. D

**B.**

1. Alindog- Kagandahan
2. Nakaisang-dibdib- Napangasawa
3. Lumbay-kalungkutan
4. Pinaglulunggatian- Kainggitan
5. Tanyag- Kilala
6. Kaligayahan- Kasiyahan
7. Magara- Magarbo
8. Karukhaan- Kahirapan
9. Pagmamasid- Pagsisiyasat
10. Panghihinayang- Pagsisisi

### ARALIN 1 (Panitikan: Aginaldo ng mga Mago)

**BALIKAN**

**Gawain 1: Sigaw ng Puso Ko!** *Iba-iba ang sagot.*

**Gawain 2: Ipahayag Mo, Karanasan Mo!** *Iba-iba ang sagot.*

**TUKLASIN**

**Gawain 3: Paglinang ng Talasalitaan**

Sumalagmak (napaupo)
Humagulgol (malakas na iyak, tangis)
Humagibis (tumulin, humarurot)
Umalembong (lumandi)
Halughugin (halungkatin, halukayin)
Walang katinag-tinag (lumuklok)

**Gawain 4: Pagsusuri sa Tauhan** *Iba-iba ang sagot.*

**Gawain 5: Pagsusuri sa Akda** *Iba-iba ang sagot.*

**SURIIN**

**Gawain 6: Turo Mo! Gabay Ko!** *Iba-iba ang sagot.*

**Gawain 7: Diyalogo Ko... Suriin Mo Ito...** *Iba-iba ang sagot.*

**PAGYAMANIN**

**Gawain 8: Hinuha Ko!** *Iba- iba ang sagot*

**Gawain 9: Napanood Ko! Hinuha Ko!** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAISIP**

**Gawain 10: Repleksiyon Ko** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAGAWA**

**Gawain 11: GRASPS** *Iba-iba ang sagot.*

## PANGWAKAS NA PAGTATAYA

A. *Iba-iba ang sagot*

B.

1. B
2. B
3. A
4. A
5. A
6. C
7. B
8. D
9. A
10. B

C.

*Hilakbot- Takot*
*Pag-iyak- Hikbi*
*Ginugol- Inilaan*
*Pumanhik- Umakyat*
Kinuyom- Nakatikom sa palad

## *Sanggunian*


Vilma C. Ambat., et.al *Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral, Panitikang Pandaigdig (*Pasig City: Vibal Group, Inc. 2015), 216-224.

Diana Gracia L. Lacano, Maida L. Ipong at Jean L. Royo, *Parola 10.* Valenzuela City: JO-ES Publishing House, Inc. 2015, 20-21.

*The Gift of Magi.* Nahango noong Hunyo 11, 2020 mula sa https://en.m.wikipedia.org/wiki/The_Gift_of_the_Magi#:~:texr=%22The%20Gift%20the%20Magi%22%20is%20short%20story%20by,other%20with20%very%20little%20money.

*Maikling Kuwento.* Nahango noong Hunyo 11, 2020 mula sa https://slideshare.net/mobile/closet101mirasol/makling-kuwento-64601944.

*Elemento ng Maikling Kuwento.* Nahango noong Hunyo 11, 2020 mula sa https://philnews.ph/2019/07/19/elemento-ng-maikling-kwento-8-elemento-kahulugan/.

*Paghihinuha at paghuhula.* Nahango noong Hunyo 11, 2020 mula sa https://prezi.com/bfsp3339nnqr/paghihinuha-at-paghuhula-sa-kalalabasan-ng-pangyayari.

*Mga Pahayag sa Paghihinuha.* Nahango noong Hunyo 11, 2020 mula sa https://www.youtube.com/watch?v=btdBtBNoJt0&t=181s

*COVID 19 PH: Pagtutulungan Para sa Frontliners.* Nahango noong Hunyo 11, 2020 mula sa https://www.youtube.com/watch?v=VjXktfCbLP0

*Aginaldo ng Mga Mago.* Nahango noong Hunyo 11, 2020 http://www.youtube.com/watch?v=4dU3kGA2Bjs.

Eros S. Atalia, *Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral, Panitikang Pandaigdig (*Pasig City: Vibal Group, Inc. 2015), 143

Ang Kalupi. Nahango noong Nobyembre 05, 2020 http://siningngfilipino.blogspot.com/2013/07/ang-kalupi-maikling-kuwento.html

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph